

Inilabas ng Pamahalaan ng Canada ang **2022 Fall Economic Statement [Pahayag sa Fall Ukol sa Ekonomiya]**

Ginagawang mas abot-kaya ang pamumuhay at nagtatatag ng ekonomiyang mainam para sa lahat

Nobyembre 3, 2022

Ottawa, Ontario

Department of Finance Canada

Inilabas ngayong araw ni Honourable Chrystia Freeland, ang Deputy Prime Minister at Minister of Finance, ang *2022 Fall Economic Statement*.

Sa gitna ng kawalang kasiguruhan sa pangmundong ekonomiya ay ibinabalangkas ng pahayag ang plano ng pamahalaan na ipagpatuloy ang matatag na pamamahala nito sa ekonomiya at na tulungan ang Canadians. Upang tulungan ang mga pamilya na kayanin ang mga tumataas na gastos tulad ng pagtaas ng mga presyo sa checkout counter, ang pamahalaan ay maghahatid ng targeted na suporta sa mga táong pinaka-nangangailangan ng tulong. Ipinagpapatuloy rin nito ang komprehensibong plano ng pamahalaan na gawing mas abot-kaya ang housing o pamamahay; kabilang dito ang pagtulong sa mga tao na mag-ipon upang makabili ng tahanan at ang habulin ang mga nagha-house flip. Ito rin ay nagtatatag ng ambisyosong plano na palakasin ang industriya at magtatag ng isang matagumpay na net-zero na ekonomiya na may mga oportunidad at mga trabaho, sa buong bansa at sa buong ekonomiya.

Kasalukuyang hinaharap ng ekonomiya ng Canada ang global headwinds mula sa isang posisyon ng kalakasan: ang unemployment rate ay halos nasa pinakamababang antas—may karagdagang 400,000 Canadians ang nagtrabaho ngayon kumpara sa bago nangyari ang pandemya, ang paglago ng ekonomiya ay ang pinakamalakas sa G7 sa taóng ito, ang triple-A credit rating, at ang pinakamababang net debt- at deficit-to-GDP ratios sa G7. Dapat may kompiyansa ang Canadians na mananaig tayo sa anumang mga hadlang at uunlad tayo sa mga darating na araw.

Ang fiscal anchor ng pederal na pamahalaan—ibig sabihin, ang pagbawas ng deficits na may kinalaman sa COVID-19 at ang pagbawas ng federal debt-to-GDP ratio sa medium term—ay hindi nagbabago. Ang federal debt-to-GDP ratio ay tinatayang patuloy na bumabâ at mas matarik ang pagbaba nito kaysa sa nakataya sa Budget 2022.

Quote

“Ang Fall Economic Statement sa araw na ito ay nagbibigay-diin sa pagtatag ng isang ekonomiyang mainam para sa lahat—isang ekonomiyang lumilikha ng mahuhusay na trabaho at naglilikha ng mas abot-kayang pamumuhay para sa Canadians. Bagama't humaharap tayo ng global headwinds, ang Canada ay magiging mas matatag at mas mapalad para sa mga darating na henerasyon, salamat sa pamumuhunang ginagawa natin ngayon.”

Mula kay Honourable Chrystia Freeland, Deputy Prime Minister at Minister of Finance



Department of Finance
Canada

Ministère des Finances
Canada

Canada

Quick Facts:

- Kabilang sa mga bagong panukalang iminungkahi sa *2022 Fall Economic Statement* ang:

1. Gawing Mas Abot-Kaya ang Pamumuhay:

- Permanenteng tatanggalin ang interest sa federal student at apprentice loans;
- Lilikha ng bagong quarterly Canada Workers Benefit na may automatic advance payments upang mas maagang makapaglagay ng karagdagang pera sa mga bulsa ng ating mga manggagawang may pinakamaliit na suweldo;
- Pagtupad sa mga mahahalagang haligi ng plano ng pamahalaan na gawing mas abot-kaya ang housing; kabilang dito ang paglikha ng isang bagong Tax-Free First Home Savings Account, pagdoble ng First-Time Home Buyers' Tax Credit, at pagsigurado na makatwirang magbabayad ang property flippers; at
- Pagbaba ng credit card transaction fees para sa maliit na negosyo.

2. Namumuhunan sa Mga Trabaho, Paglago ng Ekonomiya, at Isang Ekonomiyang mainam para sa Lahat:

- Paglunsad ng bagong Canada Growth Fund, na siyang magpapapasok sa Canada ng bilyun-bilyong dolyares na bagong private investment na kinakailangan upang bawasan ang ating emissions, palaguin ang ating ekonomiya, at lumikha ng mga mabuting trabaho;
- Paglunsad ng major investment tax credits para sa mga malinis na teknolohiya at malinis na hydrogen na lilikha ng mga mabuting trabaho; samakatuwid ay magiging pinuno ang Canada sa net-zero transition;
- Pagsimula ng isang bagong buwis sa share buybacks ng mga publikong korporasyon sa Canada; at
- Paglikha ng Sustainable Jobs Training Centre at pag-invest sa isang bagong sustainable jobs stream ng Union Training and Innovation Program upang bigyan ang mga manggagawa ng skills na kinakailangan para sa mga mahuhusay na trabaho ngayon at sa kinabukasan.

Mga May Kinalamang Produkto

- *2022 Fall Economic Statement*
- Speech ng Deputy Prime Minister
- Backgrounder: Ginagawang Mas Abot-Kaya ang Pamumuhay:
- Backgrounder: Ginagawang Mas Abot-Kaya ang Housing:
- Backgrounder: Mga Trabaho, Paglago, at Isang Ekonomiyang mainam para sa Lahat
- Technical Backgrounder: Canada Growth Fund

Mga May Kinalamang Link

- [Taunang Financial Report 2021-2022](#)



- [Affordability Plan](#)
- [Ang batas upang doblehin ang GST Credit para sa anim na buwan ay nakatanggap ng Royal Assent](#)
- [Sinimulan ng Pamahalaan ng Canada ang batas upang gawing mas abot-kaya ang pamumuhay para sa Canadians](#)
- [Ang batas upang palaguin ang ekonomiya ng Canada at gawing mas abot-kaya ang pamumuhay ay nakatanggap ng Royal Assent](#)
- [Binalangkas ng Deputy Prime Minister ang Affordability Plan ng pamahalaan para sa Canadians](#)

Mga Kontak

Maaaring kontakin ng media:

Adrienne Vaupshas
 Press Secretary
 Office of the Deputy Prime Minister and Minister of Finance
Adrienne.Vaupshas@fin.gc.ca

Media Relations
 Department of Finance Canada
mediare@fin.gc.ca
 613-369-4000

Mga pangkalahatang katanungan

Telepono: 1-833-712-2292
 TTY: 613-369-3230
financepublic-financepublique@fin.gc.ca

